# Ang Programa ng Pagkain sa Pangangalaga ng Bata at Pang-adulto

***Impormasyon* para sa *mga Pamilya***

CDSS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES

## Ano ang CACFP?

Ang Child and Adult Care Food Program (CACFP) ay nagbibigay ng mga pagkain at meryenda sa mga bata sa sentro ng pangangalaga sa bata, family day care home, tulyan sa emerhensiya, after-school program; at sa mga matatanda o may kapansanan sa paggana sa sentro sa hindi residensyal na pangangalaga sa araw sa mga adulto at sentro ng pangangalaga sa kalsugan sa adulto. Mahigit 4.2 milyong bata at 138,000 matatanda ang tumatanggap araw-araw na masustansyang pagkain at meryenda sa pamamagitan ng CACFP.

Sa California, ang CACFP ay pinangangasiwaan ng California Department of Social Services (CDSS), sa ngalan ng Serbisyo sa Pagkain at Nutrisyon ng US Department of Agriculture (USDA).

Upang maging kuwalipikado para sa CACFP, dapat matugunan ng isang institusyon ang ilang mga kinakailangan sa tularan o pattern ng pagkain na itinakda ng USDA–nangangahulugan ito na ang mga bata at nasa hustong gulang na lumahok sa CACFP ay makakatanggap ng masustansyang pagkain at meryenda, at makikinabang sa pangkalahatang mas malusog na diyeta.

## Anong mga uri ng pagkain ang dapat ihain?

Ang mga pagkain ng CACFP ay sumusunod sa mga pamantayan sa nutrisyon ng USDA batay sa Mga Alituntunin sa Pandiyeta para sa mga Amerikano:

- Ang almusal ay binubuo ng gatas, prutas o gulay, at butil.
- Ang tanghalian at Hapunan ay nangangailangan ng gatas, butil, karne o iba pang protina, prutas, at gulay.
- Kasama sa mga meryenda ang dalawang magkaibang serving mula sa limang sangkap, gatas, prutas, gulay, butil, o karne o iba pang mga protina.

## Ano ang ilang benepisyo ng paglahok sa CACFP?

Dapat sundin ng mga institusyon ng CACFP ang USDA at walang diskriminasyon na kasanayan ng Estado na tumutulong sa pagprotekta sa mga serbisyo para sa lahat ng karapat-dapat na kalahok. Ang mga kalahok na dumalo sa mga sentro na nagpapatakbo ng CACFP ay makakatanggap ng masustansyang pagkain at meryenda (nagliligtas sa mga magulang/miyembro ng pamilya mula sa pag-iimpake ng mga pang-araw-araw na pagkain), na may mga kaluwagan para sa mga espesyal na pangangailangan sa pandiyeta o mga personal na kagustuhan. Sinusuportahan din ng CACFP ang pagpapakain ng sanggol sa mga sentro ng pangangalaga ng bata, na kinabibilangan ng pagpapasuso.

Maaaring hilingin ng iyong tagapagbigay ng sentro ng pangangalaga sa bata o nasa hustong gulang na kumpletuhin ang ilang partikular na mga form na kinakailangan para sa paglahok sa CACFP—kabilang dito ang mga form ng pagpapatala at benepisyo sa pagkain.

## Sino ang maaaring sumali?

Ang mga nakatala na bata at matatanda ay dapat matugunan ang ilang mga kinakailangan sa edad upang lumahok sa CACFP:

Para sa **programang Pangangalaga sa Bata**, ang mga bata* ay dapat na 12 taong gulang o mas bata ngunit maaaring hanggang 15 taong gulang kung nauuri bilang anak ng isang migranteng manggagawa.

Ang mga bata* sa **mga nasa panganib, mga lugar ng pangangalaga pagkatapos ng paaralan** at **mga emerhensiyang tuluyan** ay dapat na 18 taong gulang o mas bata, o 19 taong gulang sa kasalukuyang taon ng pag-aaral.

Sa **Pang-araw na Pang-adulto at Pang-araw na Pangangalaga sa Pangkalusugan**, ang mga nasa hustong gulang ay dapat na 60 taong gulang o mas matanda, o may kapansanan sa paggana.

**Hindi nalalapat ang mga paghihigpit sa edad para sa isang taong may kapansanan sa paggana, hangga't ang karamihan sa mga nakatala na taong nasa pangangalaga ay mga batang 18 taong gulang o mas bata.*

## Saan matatagpuan ang mga pagkain?

### Listahan ng Sityo ng CACFP Center:

***cacfp.dss.ca.gov/Centers***

Pumili ng county upang magpakita ng listahan ng mga sponsor ng CACFP para sa county na iyon, o pumili mula sa listahan ng mga county sa pagkakasunud-sunod ng alpabeto.

### Paghahanap sa Pasilidad ng Paglilisensya sa Pangangalaga ng Komunidad ng CDSS:

***cdss.ca.gov/inforesources/community-care-licensing/facility-search-welcome***

Maghanap ng mga lisensyadong pasilidad ng pangangalaga o tagapagkaloob sa iyong lugar. Kasama sa mga pasilidad/tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata, pangangalaga sa adulto sa residensyal/pang-araw, pangangalaga sa pamumuhay sa tirahan sa nakatatanda, mga ahensiya sa mga foster na pamilya, at pangangalaga sa tahanan.

### CA Meals for Kids Mobile App:

***cde.ca.gov/re/mo/cameals.asp***

Binuo ng Departamento ng Edukasyon ng California, tinutulungan ng mobile app na ito ang mga gumagamit na maghanap ng malapit na after-school, tag-init, o sityo sa emerhensiya sa pagkain.

CHILD AND ADULT CARE FOOD PROGRAM

## Makipag-ugnay sa Amin


CDSS Child and Adult Care Food Program
744 P Street, MS 9-13-290
Sacramento, CA 95814

(833) 559-2418

***CACFPInfo@dss.ca.gov***


### Listahan ng Pakikipag-ugnayan sa Espesyalista ng CACFP:

***cdss.ca.gov/cacfp/information/cacfp- contacts***

## Impormasyon ng CACFP:

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CACFP, pakibisita ang **CACFP webpage** sa ***cdss.ca.gov/cacfp***

*Ang institusyong ito ay isang tagapagbigay ng pantay na pagkakataon.*